Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG AGOSTO 04, 2025, LUNES, IKA-09:39 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 18 SEP 2025 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: Date: 18 SEP 2025 Time: Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 235- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 10-T2025 / KAUTUSAN BLG. 04-T2025 NG BARANGAY JASAAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGDARAGDAG NG HONORARIA NG SANGGUNIANG BARANGAY AT ALLOWANCE NG MGA KATULUNGIN NG BARANGAY PARA SA TAONG 2026.**

Sponsor – HON. RIZALDY N. KALAW

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Jasaan sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 10-T2025 / Kautusan Blg. 04-T2025 na nagdaragdag ng honoraria ng Sangguniang Barangay at Allowance ng mga Katulungin ng Barangay para taong 2026;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kapasiyahan / kautusan ng barangay ay iniliwat sa Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan, Lupon sa Barangay Affairs at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pagsusuri at pag-aaral.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 10-T2025 / Kautusan Blg. 04-T2025 ng Sangguniang Barangay ng Jasaan, Santa Cruz, Laguna na nagdaragdag ng honoraria ng Sangguniang Barangay at Allowance ng mga Katulungin ng Barangay para sa taong 2026.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Agosto 04, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan

LAM/CEL25